# PAGIGING RESPONSABLE

**1**
ARALIN

## MGA PAMANTAYANG TINUTUGUNAN

- Makikipag-ugnayan ang mga estudyante sa iba upang makatuklas ng mga ideya at konsepto, makipagtalastasan ng kahulugan, at bumuo ng mga lohikal na interpretasyon sa pamamagitan ng mga pag-uusap, gagamitin ang mga ideya ng iba upang malinaw na ipahayag ang sariling pananaw habang iginagalang ang magkakaibang pananaw. Magninilay ang mga estudyante sa buong proseso ng pagtatanong upang palawakin ang pag-unawa at gabayan ang mga kilos, nang mag-isa at magkakasama.
- Makikilala ng mga estudyante na ang bawat isa ay may mga responsibilidad.
- Mauunawaan ng mga estudyante na ang mga desisyon at pagpili ay may mga kahihinatnan.

## MGA LAYUNIN

Makikilala ng mga estudyante ang pag-uugali ng responsableng estudyante at ang kahalagahan ng responsibilidad.

Matutukoy ng mga estudyante ang mga kilos na nagreresulta ng mga negatibong kahihinatnan.

Magagawang ipaliwanag nang pasalita ng mga estudyante ang naaangkop na paraan upang tanggapin ang responsibilidad para sa kanilang mga kilos at/o tumugon sa kahihinatnan na isinisisi sa kanila.

Magagawang ipaliwanag ng mga estudyante kung ano ang maaaring mangyari kung walang mga kaparusahan sa hindi naaangkop na mga pag-uugali.

## MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- “Ang Langgam at ang Tipaklong: Isang Pabula ni Aesop” Resource ng Tagapagturo (“Panimula”)
- Pisara o chart paper at mga marker ("Gagawin Ko")

# Panimula

10 Minuto

Itanong sa klase, “Naramdaman niyo na ba na marami kayong mga tuntunin na dapat sundin? Pakiramdam niyo ba na madalas kayong sinasabihan na kailangan ninyong gawin ang ilang bagay?” Basahin nang malakas ang pabula ni Aesop na Ang Langgam at ang Tipaklong. (Tingnan ang “Ang Langgam at ang Tipaklong: Isang Pabula ni Aesop” resource ng tagapagturo para sa teksto.) Pagkatapos ng pagbabasa, hilingin sa mga estudyante na ibahagi ang kanilang mga reaksyon sa kuwento. Simulan ang talakayan sa pamamagitan ng pagtatanong tulad ng, “Naranasan niyo na bang maging tulad ng langgam? Tulad ng Tipaklong? Ano ang naramdaman ninyo?” Sabihin sa mga estudyante na mapalad sila na hindi nila kailangang magtrabaho upang ihanda ang lahat ng pagkain na kakailanganin nila para sa taglamig. Gayunpaman, mayroon silang mahahalagang gawain kung saan kailangan nilang tanggapin ang responsibilidad.

# Kaalamang Ipinepresenta ng Guro/Gagawin Ko

10 Minuto

Sabihin, “Bilang isang klase, gagawa tayo ng mga hakbang na maaari nating sundin upang matulungan tayong maging responsable para sa ating mga kilos at tanggapin ang mga kahihinatnan nito.” Sa tulong ng mga estudyante, gumawa ng mga hakbang sa chart. Gabayan ang mga estudyante na isipin ang mga sumusunod na hakbang:

1. Magsabi ng totoo.
2. Humingi ng paumanhin sa mga nasaktan sa iyong mga ikinilos (*magsulat ng liham*, *maglinis ng kalat*).

3. Tanggapin ang kahihinatnan nang hindi nag-dadahilan, nang hindi nagagalit, nang hindi sumasagot, o sinisisi ang iba.
4. Pagnilayan ang iyong natutunan. (*Gagawin ko ba ulit ito? Ano kaya ang maaari kong gawin na iba?*)
5. Magpatuloy ka lang—nagkakamali ang lahat.
6. Huwag hayaang sirain nito ang araw mo!

## Pinapatnubayang Pagsasanay ng Estudyante/Gagawin Natin 15 Minuto

Kapag nagawa na ang mga hakbang, ipakita sa klase kung paano mo susundin ang mga hakbang. Pagkatapos, bigyan ng pagkakataon ang mga estudyante na isagawa ang mga hakbang sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng senaryo. Sabihin, "Ilang beses ka nang sinabihan na tumigil sa pakikipag-usap sa iyong katabi. Sinabihan ka na rin na sa susunod na mahuli kang nakikipag-usap, kailangan mong maglakad ng ilang ikot sa recess. Nahuli na naman kitang nakikipag-usap. Ano ang maaari mong gawin upang tanggapin ang responsibilidad?"

## Sariling Pagsasanay ng mga Estudyante/Gagawin Mo 30 Minuto

Maaaring isadula ng mga estudyante ang mga senaryo mula sa paaralan, tahanan, at sa komunidad kung saan tinatanggap nila ang pananagutan para sa kanilang mga kilos at naaangkop

na tanggapin ang mga kahihinatnan. Maaari mong bigyan ng mga senaryo at kahihinatnan ang mga estudyante, o ang mga estudyante ay maaaring bumuo ng sarili nila.

## Pagtatapos

5 Minuto

Suriin kasama ng mga estudyante ang kahalagahan ng pananagutan sa ating mga kilos at pagtanggap sa mga kahihinatnan ng ating mga kilos at desisyon. Hikayatin ang mga estudyante na isagawa ang mga hakbang na ito.

# Pagtatasa sa Estudyante

1. Ano ang ibig sabihin ng pagiging responsable?
2. Ano ang ilang mga responsibilidad ng mga estudyante na kasing-edad mo?
3. Paano mo maipapakita ang responsibilidad sa tahanan at sa paaralan?

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGPAPALAWIG NG SINING

Tagubulinan ang mga estudyante na gumawa ng maikling komiks na naglalarawan ng taong nagpapakita ng responsibilidad.

## PAGPAPALAWIG NG DRAMA

Tagubilinan ang mga estudyante na gumawa at magpakita ng maikling dula na sumusunod sa format ng "Ang Langgam at ang Tipaklong." Ang mga maikliing dula ay maaaring magpakita ng pag-uugali ng mga pabaya na estudyante kumpara sa mga responsableng estudyante.

## PAGPAPALAWIG NG ELA

Maaaring suriin at idokumento ng mga estudyante ang kanilang iba't ibang responsibilidad para sa kanilang sarili, kanilang pamilya, at kanilang komunidad. Maaaring gumawa mag-isa o nang may kapares ang mga estudyante upang punan ang activity sheet na "Mga Lupon ng Responsibilidad".

## PAGPAPALAWIG NG PANITIKAN

Basahin ang *The Emperor's Egg*, ni Martin Jenkins, at hilingin sa mga estudyante na pakinggan ang mga paraan kung paano nagpapakita ng responsibilidad ang mga magulang na peguin sa kuwento. *Pagkatapos ng pagbabasa, magbahagi ng mga halimbawa kung paano ipinakita ng mga magulang ng penguin ang responsibilidad (halimbawa, nangingitlog ang mga babae, pinapanatili ng mga lalaki na mainit at tuyo ang mga itlog sa dalawang buwan na taglamig, kumakain at nagpapataba ang mga babae*

*sa taglamig upang mabigyan ng pagkain ang kanilang mga anak, pinapakain ng mga lalaki ang mga sisiw at pinapanatiling mainit ang mga sisiw hanggang sa bumalik ang mga babae).* Magtala ng mga halimbawa sa anchor chart.

# PAGPAPALAWIG NG MUSIKA

Tagubulinan ang mga estudyante na maghanap ng mga kanta na ang pangunahing tema ay tungkol sa oras. Tagubilinan ang mga estudyante na ihambing ang mga lyrics at pag-isipan kung bakit napakahalaga ng oras sa manunulat ng bawat kanta. Maaaring gumawa ang klase ng playlist ng mga paborito nila, o maaaring gumawa ang mga estudyante ng sarili nilang mga lyrics tungkol sa oras.

# PAGPAPALAWIG NG ARALING PANLIPUNAN

Tagubilinan ang mga estudyante na tukuyin ang mga trabaho sa loob ng komunidad at ang mga responsibilidad ng bawat trabaho.